# Pilipinas Kong Mahal with All the Overcoat

**panulat ni ELJAY CASTRO DELDOC**

*Unang itinanghal sa The Virgin Labfest 13 at 14 sa Tanghalang Aurelio Tolentino, direksiyon nina Roobak Valle at Tuxqs Rutaquio.*

**ANG MGA NAGSIGANAP**

Fitz Bitana bilang Nato
Paul Jake Paule bilang Ambet
Chuchi Cabasaan bilang Kliyente 1 at 3
Anthony Falcon bilang Kliyente 2 at Lalaki

*Nagkamit ng unang gantimpala sa Don Carlos Palanca Memorial Award noong 2017 sa kategoryang dula na may isang yugto.*

## MGA TAUHAN

AMBET: mid 20's, mukhang nerd at mabait
NATO: mid 20's, maangas ang dating
KLIYENTE: gaganap sa tatlong iba't ibang customer nina Ambet at Nato
LALAKI: body guard ng isa sa tatlong kliyente

## TAGPUAN

Magaganap ang dula sa maliit na apartment na nagsisilbing opisina nina Ambet at Nato. Makikita sa entablado ang dalawang magkahiwalay na mesa na kinalalagyan ng tig-isang laptop at printer. Tambak ng papel at ilang libro ang parehong working desk. May isang mas maliit na mesa kung saan nakalagay ay isang bote ng fresh milk, canisters ng kape, asukal, at creamer, at ilang baso at tasa. Sa likod ng working desk ni Nato ay may book shelf na puno ng history at literary books. Sa sahig ay may nakakalat na kahon na puno rin ng mga papel. Ang pinto sa kaliwa ay palabas ng apartment. Ang pinto naman sa kanan ay papasok sa kuwarto kung saan naroon din ang CR. Pasado alas-siete na ng gabi. Kasalukuyan.

## ANG DULA

*Madilim ang entablado. Maririnig ang VO ni NATO na binabasa ang isang sulat sa saliw ng makabagbag-damdaming musika.*

## NATO V.O.

Mil ochocientos noventa y siete. Mahal kong Oryang, mali ka. Hindi kita nakasalubong upang sa dulo ng kalsada, ako ay liliko sa kanan at ikaw sa kaliwa. Sapagkat saan man tayo dalhin ng ating pakikibaka, ikaw lang ang aking itatangi at makailang ulit na ihaharap sa pulang bandila. Hindi tayo nagpalitan ng mga kuwento upang sa pinakahuling tuldok ng pangungusap, ang karugtong ay alingawngaw ng katahimikan. Walang pagod kitang aawitan ng himnong pambayan, Oryang.

*Dahan-dahang magbubukas ang ilaw, makikitang nakaupo si NATO sa harap ng mesa niya. May hawak siyang papel. Titig na titig siya sa nakasulat dito.*

**NATO V.O.**

Hindi kailanman ako mauubusan ng salita upang maialay sa iyo bilang mga tula. Maging ang bulong at buntonghininga'y magpapahayag ng pagsinta sa tulad mong umiibig din sa bayan. *(iinom ng gatas sa basong nakapatong sa mesa niya)* Hindi tayo sabay na tumawa, nagkatinginan, at tumawa pa nang mas malakas, upang sa paghupa

ng halakhak ay may butil ng luha na mamimintana sa ating mga mata. Loobin man ng Maykapal na pansamantala tayong magkawalay, tandaan mong ang halakhak at sigaw ng ating mga kasamahan ay sa akin rin.

**NATO**
Hindi ka dapat masabik sa akin sapagkat ako'y mananatili sa iyong piling. *(labis na kikiligin)* 'Tang ina ka talaga, Ambet! Ang likot ng utak!

*Saktong pasok naman ni AMBET.*

**AMBET**
Mura agad? Wala man lang beso-beso?

**NATO**
Gago! Napapamura 'ko sa ganda nitong gawa mo. Dali, ikaw ang magtuloy! *(ituturo kung saan siya tumigil sa pagbabasa)*

**AMBET**
Ayoko! Ang baduy niyan!

**NATO**
Dali na! Saya 'yung music oh, matatapos na.

**AMBET**
*(kukuhanin ang papel, babasahin nang mabilis)* Hindi kita niyakap nang ilang ulit upang sa pagkalas ng mga braso ko sa'yo ay maramdaman mong iniiwan kita. Habambuhay akong magiging tapat sa ating panata, Oryang. Kapara ng binitiwan kong sumpa sa ngalan ng bayan, tayo'y mananatiling katipun, kawal, at bayani ng ating pagmamahalan.

**NATO**
Lagyan mo naman ng feelings, 'tol. Para namang hindi si Bonifacio 'yung nagsasalita eh.

**AMBET**
*(sasakyan ang trip ni NATO)* Hindi tayo bumuo ng mga alaala upang sa muli mong paggising ay maisip mong hindi tayo nagkasama sa pakikidigma. Hindi ko man hawak ang bukas, nais kong tanganan mo ang aking pangako na ilang ulit kong

pipiliing mabuhay at pumanaw upang patunayan sa iyong mali ka. Hindi ako bumati sa simula upang sa huli ay magpaalam.

**AMBET/NATO**
*(sabay)* Ikaw ang aking bayan. Nagmamahal, Andres.

**NATO**
Nakanampakshet! *(aagawin ang papel)* Ibang klase ka talaga, ’tol. Sa’n mo hinugot ‘to?

**AMBET**
Para ’yan sa crush ko no’ng college. Tinweak ko lang para magmukhang para talaga kay Oryang. *(lalapit sa mesita, iinom ng gatas)*

**NATO**
Pero ’yung dinagdag mong footnote talaga ’yung nagpa-astig sa sulat na ‘to eh. *(babasahin ang footnote)* Ibinigay ni Julio Nakpil ang liham na ito kay Oryang ilang gabi makalipas ang pagpaslang kay Andres sa Maragondon. Bangis! E di ba si Nakpil ’yung ipinalit ni Oryang kay Boni?

*Tatango lang si AMBET. Halatang walang gana.*

**NATO**
Ikinaganda ni Oryang ‘to, ’tol. Ikinaganda rin ng Facebook page ng dikasure.com. Hanggang ngayon andami pang nagla-like at nagshe-share. Kita mo?

**AMBET**
Kahit ano naman yatang tungkol sa pag-ibig, pinagpipiyestahan sa FB.

**NATO**
Nabasa mo ’yung mga comments? *(natatawang babasahin ang comments sa laptop)* Hashtag galawang supremo. . . Daming feels. Kilig much. . . Anakan mo ‘ko, Andres. . . Si Bonifacio ang tunay na hokage. . . Hats off talaga ko sa’yo, ’tol. Huling-huli mo’ng kiliti ng mga babaeng ‘to, oh. High five!

*Hindi sasagutin ni AMBET ang high five ni NATO. Umiiling-iling na iinom ng gatas.*

**NATO**
KJ mo naman. Di mo man lang tapatan ’yung energy ko. *(hindi iimik si AMBET)* Huy, Ambet! Ano’ng problema mo?

**AMBET**
‘Yan ang problema ko. ‘Yang mga comment na binasa mo.

**NATO**
Bakit? Ayaw mong pinupuri ka? E hindi naman ito first time na nag-viral ’yung sinulat mo ah.

*Hindi ulit iimik si AMBET.*

**NATO**
Konting kayod pa, ’tol, mapapataob na natin ang Buzzfeed at boredpanda.com. Sinong mag-aakala na may papansin sa website natin. Kapag dumami pa nang dumami ang mga kliyente natin, magha-hire na tayo ng mga contributor. Para may katulong ka sa pagsusulat. Sunod-sunod na ‘yan! Unti-unting lalaki ang team natin hanggang sa maging full-blown company na ang dikasure.com. Kaching kaching!

**AMBET**
*(iinom ng gatas)* Naba-bother na ’ko, Nato.

**NATO**
Naba-bother saan?

**AMBET**
Na maraming naniniwala na totoo ’yung mga article na nilalabas natin sa website. Kagaya niyan. Akala ng mga tao, legit na sulat ‘yan para kay Oryang.

**NATO**
Eh ‘di ba ’yun naman ang goal ng dikasure.com? Magpublish ng historical fiction at articles na patok sa market natin.

**AMBET**
Pero hindi kasama sa goal ang paniwalain ang mga tao sa mali.

**NATO**
Wo-wo-woah! That escalated quickly!

**AMBET**
Advance kasi ako mag-isip.

**NATO**
Alam mo, ’tol, funny ka. E alam naman ng tao na fiction ang content ng website natin. For entertainment lang.

**AMBET**
Hindi lahat nababasa ’yung disclaimer natin. ’Yung iba kahit nabasa man nila, iniisip pa rin na totoo ’yung laman ng mga article. Most of all, marami sa kanila, walang idea kung ano ang historical fiction.

**NATO**
Hindi na natin problema ’yun, Ambet.

**AMBET**
Problema natin! Nagpapakalat tayo ng maling impormasyon. Ng maling history.

**NATO**
Teka nga. Bakit ba biglang pagbalik mo dito eh may ganyan kang realization? Sino ba’ng kasama mo mag-dinner? Si Buddha?

**AMBET**
*(iinom ng gatas)* No’ng isang linggo ko pa ‘to iniisip. No’ng i-release natin ’yung throwback article na quotable quotes ni Teta no’ng inamin niyang nagka-STD siya dahil kay Manong Jay.

**NATO**
’Tol, ano namang kinalaman no’n? E nilista mo lang naman ’yung mga pamatay na birada ni Teta? Teka, nasan’ ba ’yun? *(hahanapin sa mesa ang draft ng article)*

**AMBET**
Lahat ng nakasulat doon, hindi totoo.

**NATO**
*(makikita ang papel)* Oh, eto. Talaga namang sinabi ni Teta ‘to sa interview. Number 1. . . *(gagayahin si Kris Aquino)* “I grabbed his genitals. I wanted to crush it. I told him, ilang beses mo ba ako kailangang gaguhin?” ‘Tang ina, baog na siguro si Manong Jay. Number 2, “Ang dami ko nang tiniis in the name of loving Jay. I’d be a liar if I said I don’t love him anymore.” O ‘di ba, verbatim naman ‘tong lines na ‘to? Number 3, “I’m angry because I loved him with all my heart. Ibinigay ko ang lahat. Hindi niya na-control ang temper niya. Hindi mo gagawin ‘yan sa anak ng isang taong in-assassinate.” Oh, alin ang hindi totoo dito?

**AMBET**
Hindi si Manong Jay ang nanghawa ng tulo kay Teta. It’s the other way around.

**NATO**
Saang tabloid mo naman nasagap ‘yan?

**AMBET**
Sinabi sa’kin nong driver ng Grab na nasakyan ko last last week yata. *(magsa-sign of the cross )* Siya raw ang teacher noon ni Teta sa driving lessons. Narinig daw niya mismo si Teta na nagkukuwento sa isang kaibigan niya na may STD siya.

**NATO**
Ambet naman! Ba’t ka naniniwala sa driver ng Grab?

**AMBET**
Ikaw, ba’t naniniwala ka kay Teta?

**NATO**
Wala akong sinabi na naniniwala ako kay Teta. Ang importante sa’kin, nagbayad sila para ilabas ’yung article para ma-promote ’yung nakakadiring remake ng Pido Dida.

**AMBET**
That is exactly my point, Nato. Ipinagpapalit natin sa pera ang katotohanan. To think na showbiz scandal pa lang ‘yan. Pa’no pa ’yung sinusulat natin tungkol sa Philippine history? Perfect example ‘tong love letter kuno ni Bonifacio.

**NATO**
Yes! Perfect example 'yung love letter na 'yun ng isang bagay na magpapalakas sa negosyo natin. Narinig mo? NEGOSYO. . . NATIN. Crineate natin ang dikasure.com para kumita. Hindi para magturo ng subject na Makabayan.

**AMBET**
Ganun na lang ba 'yun?

**NATO**
Sa ngayon, Ambet, oo. Ngayon pa nga lang natin nararamdaman na may income tayo sa website. Nakabili na tayo ng sariling domain. Nakakapag-boost na tayo ng post sa Facebook. We are on our way now sa pinangarap nating jackpot.

**AMBET**
Pero, Nato, kahit kailan ba 'di mo naisip na may social obligation tayo? Sa lagay ng Pilipinas ngayon—kung kailan may banta ng Batas Militar at federalismo at kung kailan wala nang kuwenta ang konstitusyon—'di ba dapat nagko-contribute tayo sa pagtataguyod ng katotohanan?

**NATO**
*(yuyugyugin si AMBET)* HUY! Si Ambet ka ba talaga o may sapi ka ni Pia Ranada ng Rappler? Tol, di mo dapat iniisip 'yang mga 'yan. Ang isipin mo, padami na nang padami 'yung ads natin sa website. *(lalapit sa laptop)* At itong FB page natin, kasing dami na ng likes ng Kapuso Mo, Jessica Soho. 8,290,527!

**AMBET**
8,290,527 ding tao ang lolokohin natin.

**NATO**
Followers ang tawag do'n. Isipin mo, ha. Di hamak na mas maraming likers ang page natin kesa sa combined likers ng page ng National Historical Commission of the Philippines, National Commission for Culture and the Arts, at Official Gazette of the Republic of the Philippines. Ibig sabihin, mas gusto tayong basahin ng mga tao.

**AMBET**
'Yun nga ang point ko. Dahil tayo na ang sinusundan nila, hindi ba tama na we give the truth they deserve?

**NATO**
Ayaw nila ng truth. Masakit kasi ’yung truth. Kaya nga sakay na sakay sila sa pag-ro-romanticize natin ng history. ’Yun ang gusto ng mga Pinoy — drama.

*Hindi makakaimik si AMBET. Mararamdaman niya ang paghilab ng tiyan.*

**NATO**
*(titingin sa wristwatch)* Mag-a-alas-otso na. Magtrabaho na tayo. Ang dami nating 12 midnight deadline.

*Uupo si AMBET sa harap ng laptop niya. Tititigan lang niya ang screen. Halatang naiinis. Magriring ang cellphone ni AMBET. Agad niyang ika-cancel.*

**NATO**
*(ihaharap kay AMBET ang laptop)* Nakita mo ba ‘to, ’tol? Sa sobrang successful ng website natin, may nanggagaya na. Ito oh.

**AMBET**
sulatingbayan.com?

**NATO**
‘Yan ’yung binanggit ko sa’yo last time. Gayang-gaya ’yung format natin. ‘Tang ina ‘tong Teody Agoncillo na ‘to. Walang originality.

*Magriring ulit ang cellphone ni AMBET. Hihilab ang tiyan niya.*

**AMBET**
Teka lang, Nato. Banyo lang ako.

*Nagmamadaling papasok sa CR si AMBET. Haharapin ulit ni NATO ang laptop. Maya-maya, may kakatok nang pagkalakas. Agad itong pagbubuksan ni NATO. Si KLIYENTE 1 ang kumakatok. Bakla, ka-tipo ni Alfie Lorenzo. May dalang dalawang kahon ng pizza.*

**KLIYENTE 1**
Ni hao! Welcome to the Philippines, Republic of China! *(bebeso kay NATO)*

**NATO**
Oh, Tito Alfie. Gabi na ah. Ano po'ng sa'tin?

*Tuloy-tuloy sa pagpasok si KLIYENTE 1, deretso sa mesita para ilapag ang dalang pizza.*

**KLIYENTE 1**
Maaga kasing nag-pack up sa shoot. Eh malapit lang dito ang location kaya naisip kong bumisita. Ayan, pizza. 'Yung may sangkatutak na pinya-ple. Pa-thank you sa magandang serbisyo ninyo ni Ambet.

**NATO**
Kumusta nga po pala ang feedback ng management do'n sa sinulat nating article para sa comeback movie ng The Hunks?

**KLIYENTE 1**
Palong-palo 'yung write-up niyo! Ambilis umingay no'ng Beki-K-K. dahil do'n sa pinublish niyong kunyaring sulat. *(kakain ng pizza)* Uy, kain.

**NATO**
Si Ambet po ang dapat purihin niyo. *(kukuha ng pizza)* Sa kanyang idea po 'yun.

**KLIYENTE 1**
Nakakaantig kasi talaga! Eto nga at nagprint pa 'ko ng kopya para ma-share ko sa mga amiga. *(kukunin sa bulsa ang sulat at madamdaming babasahin)* Marso 12, 1897. Kasamang Iban, wala nang dapat ilihim. Wala nang dapat ikatakot. Ang namamagitan sa inyo ni Guillermo ay isang mukha ng pagmamahal sa bayan na hindi dapat itatwa. Bagkus, ito ay marapat na ihayag at taas noong ipagmalaki. ANG BOBONGGA NG WORDS! Itatwaaah. . . Ihayuugh. . . Parang hinalukay sa baul. *(itutuloy ang pagbabasa)* Napagpulungan na sa Camara Negra ang inyong paghahapag. May mga pagtutol man, nanindigan sina Pingkian at Kitlat na ang pinili ninyong landas ay hindi naman salungat sa isinusulong ng samahan. KABOG! Well-researched talaga. Best in Sibika at Kultura! *(itutuloy ang pagbabasa)* Kayo ni Guillermo ay hindi naiiba kaninuman. Taglay ninyo ang parehong giting at tapang na kayang pumunit ng cedula at humarap sa putok ng rebolber. Ito ang simula ng tunay na kalayaan. Hinihintay ka ni Guillermo sa Calle Benavidez. Ang inyong supremo, Maypagasa. ANTARUSH! Mga beking katipunero na nagtatanan!

**NATO**
For sure, magba-box office ‘yang Beki-K-K!

**KLIYENTE 1**
Magdilang-anghel ka sana. Laking tulong talaga nitong website niyo eh. Kabog! At least ngayon di ko na kailangang mag-imbento ng kung anik-anik na expose para lang mainterview ’yung mga alaga ko.

*Maririnig ang sigaw ni AMBET mula sa CR. Humahangos siyang lalabas, nagtataas pa ng shorts.*

**AMBET**
Nato!!! Grabe ’yung tae ko! Kahugis ng mukha ni Jose Rizal! Kamukhang-kamukha!

**KLIYENTE 1**
Ang sarap naman! Sarap ng pizza oh! Kain ka, hijo. Mukhang nalipasan ka na ng gutom.

**NATO**
Ambet, tuwang-tuwa si Tito Alfie do’n sa sinulat mo para sa movie ng The Hunks. Pag sinwerte, baka kunin ka nang writer ng Star Cinemo.

**KLIYENTE 1**
Hindi imposible ’yan. Lalo na kung mas gagalingan mo sa susunod kong ipapagawa.

**AMBET**
Ah. . . Hindi na po kasi ako—

**KLIYENTE 1**
Ipinasok kasi sa pelikula si Vea Alownzo. Siya ’yung gaganap na Gabriela Silang. Naisip ko, maganda kung gagawa ulit tayo ng viral letter. Pero this time, tungkol naman sa mga tomboy na rebolusyonaryo. Kunwari, may sekretong kapompiyangan itong si Gabriela. O di ba, parang true-to-life story ni Vea? Keri ba ‘yun, ha Ambet?

**AMBET**
Ano kasi, Tito Alfie. . . Baka makarma na tayo pag dinagdagan pa natin ’yung pagsisinungaling. Baka mag-flop ’yung pelikula, sige ka.

**KLIYENTE 1**
Naku, takot lang sa'kin ng malas! Kakampi ko ang Diyos!

**AMBET**
Kaso, marami pa tayong pending, di ba Nato?

**KLIYENTE 1**
Okay na, Ambet. Chicken lang naman daw 'yung request ko sabi ni Nato. Don't worry, irerekomenda kita sa mga bossing ng Star Cinemo. Ohh. . . gusto mo 'yun di ba? Pa-kiss nga.

**AMBET**
*(bantulot na hahalikan sa labi si KLIYENTE 1)* 'Tang ina, Nato! Pwe.

**KLIYENTE 1**
Ay ang arte. Pabuwenas lang. Wala naman malisya. Tanggap 'yan sa kultura natin, diba? O pa'no? Iwan ko na 'yang pizza. Pagbalik ko, catering na ang dala ko. *(bebeso sa dalawa)* See you, mga hijo guapito.

*Lalakad palabas si KLIYENTE 1.*

**NATO**
Tito Alfie—

**KLIYENTE 1**
Yes?

**NATO**
Um. . . bakla po ba talaga si Papa P?

**KLIYENTE 1**
*(matatawa)* Naku, panoorin niyo 'tong Beki-K-K at kayo na ang humusga. Babush!

*Tuluyang lalabas si KLIYENTE 1.*

**NATO**
Ang showbiz talaga nitong si Tito Alfie, 'no?

**AMBET**
Wala na tayong pinag-iba sa kanya. Showbiz na, sell-out pa.

**NATO**
Ba't ba ang asim-asim mo?

**AMBET**
Ba't tumanggap ka na naman ng panibago?

**NATO**
May additional na bayad naman ‘yun. Tsaka di naman urgent.

**AMBET**
Hindi mo ba gets 'yung concern ko? Ha, Nato? Na hindi na 'ko sigurado sa ginagawa natin.

**NATO**
Ano, quit ka na?

**AMBET**
I'm considering.

**NATO**
So seryoso ka talaga do'n sa pinagsasasabi mo kanina?

**AMBET**
Mukha ba 'kong nagjo-joke?

**NATO**
Oo! Kasi malaking joke 'yung reason mo na niloloko ng dikasure.com ang mga tao. Ang tagal nating kinonceptualize no'ng website, tapos ngayon mo lang maiisip ‘yan?

**AMBET**
Kasi ngayon totoo na siya. Technically, nagmamanipulate na tayo ng consciousness ng tao. That's what's bothering me.

**NATO**
Nasa'n na 'yung Ambet na excited sa lahat ng x-deal at contract na pinirmahan natin? *(kukuhanin sa desk niya ang makapal na pile ng papel)* Ayan! Nasa'n 'yung Ambet na kating-kating magsulat para sa lahat ng kliyente?

**AMBET**
Puwede naman nating i-terminate 'yang mga kontratang 'yan, di ba?

**NATO**
Lasing ka ba? O durog?!

**AMBET**
Pa'no kung talagang ayaw ko na?

**NATO**
Ambet, may kontrata ka. May kontrata tayo. Negosyo 'to, hindi laro-laro na puwedeng ayawan na lang bigla.

*Saglit na katahimikan. Kukuha ng panibagong baso ng gatas si NATO, iinom.*

**NATO**
*(nagbabasa sa laptop)* Uy, interesting 'to! Mini festival ng mga play tungkol sa Martial Law. Nood tayo! Sigurado, marami tayong makukuhang materials dito.

**AMBET**
*(nakatitig pa rin sa screen)* Di ba sabi ko, hindi magpa-publish ang dikasure.com ng kahit anong may kinalaman sa Martial Law.

**NATO**
Ay, oo nga pala. Sorry, tol. *(saglit)* Pero malay mo, 'tol. Baka may isang play do'n na tungkol sa lolo't lola mo.

*Hindi iimik si AMBET.*

**NATO**
Back to work na nga muna.

**AMBET**

*(biglang tatayo)* Nato, napapanaginipan ko na sina Cory at Ninoy. Si Ninoy habang nakapangalumbaba, bigla akong pinakyu. Si Cory naman, naka-Laban sign siya no'ng una. Tapos biglang itinutok niya sa'kin 'yung daliri niya. Sabi niya — rei gun!

*Pagtatawanan ni NATO si AMBET.*

**AMBET**

'Wag mo kong tawanan. Seryoso 'yun, 'tol. Feeling ko, nagagalit na sila sa ginagawa natin.

**NATO**

*(lalapitan si AMBET, sasalatin ang leeg at noo)* Stressed ka ba? O naturukan ka ng Dengvaxia? Umidlip ka kaya muna.

**AMBET**

Hindi mo ba nae-experience 'yun? Walang bayani o presidente na nagpoprotesta sa panaginip mo?

**NATO**

Umayos ka nga! Kagaguhan 'yang sinasabi mo. Tingin ka sa paligid mo. Nakalipat tayo dito sa fully furnished apartment dahil sa negosyo. 'Yung laptop mo, nakabili tayo ng bago after nating isulat 'yung alamat na ang mga lumot sa Boracay ay nagmula sa nalalagas na buhok ng mga sirena. 'Yung beanbag, lamp shade at mesa natin, napundar natin 'yan after nating gumawa ng article na kuwentong bayan lang ang pag-rape kay Pepperoni Paloma. At 'yung weekly supply natin ng fresh milk, dahil 'yan sa pagsulat natin ng anecdote ni Melchora Aquino na nagpapabreastfeed siya sa mga anak ng mga Katipunero. Kapag lumakas pa lalo ang website natin, makakarenta na rin tayo ng maayos na opisina. Naiisip mo ba 'yun?

**AMBET**

Mali ang ginagawa natin. 'Yun ang tumatakbo sa utak ko.

**NATO**

'Wag mo kasing patakbuhin 'yung utak mo. Ang isipin mo, nakakapagbigay ka sa parents mo ng pera. Nabibigyan mo ng allowance 'yung kapatid mong high school. Above poverty line na tayo, 'tol, ayon sa NEDA. Kaya na nga nating

bumuhay ng tatlong anak dahil sobra-sobra sa sampung libo ang monthly income natin. Dahil ’yun lahat sa dikasure.com. Ngayon pa ba tayo hihinto? Naka-take off na tayo, ’tol.

**AMBET**
Di ko na alam, Nato.

**NATO**
Ano ba talagang nangyayari sa’yo? Para kang naduwende na ewan.

**AMBET**
’Yung— ’yung pamangkin ko kasi.

**NATO**
Ano namang meron sa pamangkin mo?

**AMBET**
Nagalit sa’kin dahil no’ng may assignment sila sa HEKASI na sino si Jose Pidal, nag-Google siya. Nakita niya ’yung article sa website natin.

**NATO**
‘Yung pinasulat ng tauhan ni GMA no’ng last election? Oh, ikaw gumawa no’n, di ba? Ang daming shares no’n.

**AMBET**
Ang sabi ko sa article na ‘yun, si Jose Pidal ay imaginary friend ni Ping Lacson na hindi niya na-outgrow. Na ’yung money laundering case na ibinabato kay Mike Arroyo no’ng 2003 ay hallucinations lang.

**NATO**
Kasi binubulungan si Ping nitong si Jose Pidal na mukhang sorbetes na nagkatawang tao? ‘Yun ba ‘yun?

**AMBET**
Oo. ‘Yun ang sinagot ng pamangkin ko sa homework niya. Confident pa siya sa sagot niya dahil alam niyang ako mismo ang source. Kaya no’ng nag-recite siya, pahiya siya sa buong klase.

**NATO**
*(pipigilang matawa)* E bakit kasi hindi mo tinuruang mag-research sa internet 'yung bata? Meron naman Wikipedia!

**AMBET**
Hindi 'yun ang issue. Nato, nakakagulo na tayo sa pag-aaral at pagkatuto ng mga bata.

**NATO**
'Tol, 'wag mong icomplicate yung nangyari. Hindi lang talaga marunong mag-Google 'yung pamangkin mo.

**AMBET**
Pupusta ko, hindi ito isolated case. Malaki ang probability na marami pang readers natin ang sobrang misinformed na.

**NATO**
At gusto mong itigil 'yung pinagkakakitaan natin para sa "probability" na 'yan? Bakit, magiging informed ba silang lahat kung hindi nag-e-exist ang dikasure.com?

**AMBET**
'Wag kang mamilosopo!

**NATO**
Ambet, maraming bobong Pinoy.

**AMBET**
'Yun na nga eh. Bakit hindi natin sila turuan ng tama? Ng totoo para hindi sila maging bobo.

**NATO**
May sumubok na. Marami na, 'tol. Pero ano? Binoto pa rin nilang senador si Pacman! Nagkabulagaan na sa Senado dahil kay Sotto! House speaker na 'yung mandarambong na si Gloria! Tatakbong senador sa 2019 sina Bong Gogo at Harry Kingking at malamang sa malamang ay mananalo!

**AMBET**
May magagawa tayo para may magbago.

**NATO**
Hindi ka sure.

*Magriring ang cellphone ni AMBET. Matatagalan bago niya ma-cancel ang tawag.*

**NATO**
Sino ba 'yan? *(iinom ng gatas)* Ba't ayaw mong sagutin?

*Hindi sasagot si AMBET. Patay malisya.*

**NATO**
Puwede na ba tayong magtrabaho? *(mararamdaman ang paghilab ng tiyan)* Teka, nadali na rin yata ako no'ng gatas.

*Papasok sa CR si NATO.*

**NATO**
*(off stage)* 'Tang ina, Ambet! Hindi mo binuhusan si Rizal!

*Ngingisi si AMBET. Tutunog ang cellphone niya. Agad niyang babasahin ang text. Magrereply siya. Tapos ay pupunta sa mesa ni NATO. Sisimsimin niya ang mga kontrata at susubukang hanapin ang iba pa. Maya-maya, may kakatok. Bubuksan ni AMBET ang pinto. Maririnig ang sound na parang choir of angels. May smoke effect pa. Naroon si KLIYENTE 2, isang ministro ng Iglesia ng Hari.*

**KLIYENTE 2**
Magandang gabi, kapatid.

*Matutulala si AMBET nang ilang segundo.*

**KLIYENTE 2**
Hindi mo man lang ba aanyayahang pumasok ang ministro ng ebanghelyo?

**AMBET**
*(matatauhan)* Tuloy po kayo.

**KLIYENTE 2**
Kapatid, paunmanhin sa panggagambala ko sa inyong munting tahanan. Ako na mismo ang nagsadya dahil hindi mo sinasagot ang mga email ko.

**AMBET**
Ha? Ano pong email? Wala po—

**KLIYENTE 2**
Batid mo ba na ang hindi pagtugon ay tahasang pandudusta sa tunay na iglesia?

**AMBET**
Medyo busy po kasi talaga, ministro. *(babalikan ang paghahanap sa mesa ni NATO)* Kita n'yo naman, di na namin alam kung alin ang uunahin.

**KLIYENTE 2**
Parating priyoridad ang paglilingkod sa Ama. Wala ka sa tamang daan kung hindi siya ang nauuna.

**AMBET**
E ano po ba'ng gusto niyong ipabago do'n sa nirelease nating write-up? Approved naman na po 'yun ng council n'yo.

**KLIYENTE 2**
Kapatid, may ilang detalye na nais sana naming idagdag sa teksto. *(dudukutin ang papel sa bulsa)* Nagdala na ako ng sarili kong kopya.

**AMBET**
Ministro, puwede po bang bumalik na lang—

**KLIYENTE 2**
Nababahala kasi ang ilang mga kaanib sa listahang inilathala natin. Masyado kasing lapit sa katotohanan. Kung ang pinapakay natin ay ang ipakilala sa mundo ang banal na iglesia, kailangang gawin natin ang ilang rebisyon. *(mapupuna na hindi siya*

*pinapansin ni AMBET)* Kapatid, nasa harap ka ng ministro ng ebanghelyo. Sa akin lang dapat ang atensiyon mo. Heto. *(iaabot kay AMBET ang papel)* Basa!

**AMBET**
*(bantulot na magbabasa)* Five Guinness Book of World Records na nasungkit ng INH. Number 1, pinakamalaking concert venue sa buong mundo. Taong 2014, ginulat ng Iglesia ng Hari ang Pilipinas sa pagbubukas ng Super Stadium of the Christ. Kasabay ng pagdiriwang ng ika-pitumpu't limang taong pagkakatatag ng kapatiran, pinasinayaan ang stadium na kayang maglaman ng limampung libong tao.

**KLIYENTE 2**
Ang boring! Idagdag mo diyan na ang super stadium ang itinalaga ng Ama na magiging tanggulan ng mga maliligtas. Na ang super stadium ang hinirang na lugar kung saan mabubuklod ang bayan ng Diyos sa oras ng paghuhukom. Tuloy!

**AMBET**
Number 2, pinakamaraming bilang ng taong lumahok sa sabayang pag-awit. Tinipon ng INH ang mga miyembro ng kanilang choir upang umawit ng papuri sa Ama. Ito ay pagpapakita ng bigkis ng mga tinawag upang maging bahagi ng isang katawan.

**KLIYENTE 2**
Ang sagwa! Palitan natin. Sabihin mo na nasaksihan at narinig ng mga taga-Guinness ang tila isang pulutong ng anghel. Sila'y kinilabutan na para bang pinukaw ng banal na espiritu ang kanilang damdamin. Tuloy!

**AMBET**
Number 3, pinakamalaking grupo na nagdulot ng traffic sa Metro Manila sa loob ng sampung oras.

**KLIYENTE 2**
Palitan natin 'yan, kapatid.Gawin nating pinakamalaking kawan ng Ama na kumilos para sa iisang adhika.

**AMBET**
Pero talaga naman pong pinagtraffic niyo ang EDSA. Ako nga, naglakad mula Guadalupe hanggang Kamuning!

**KLIYENTE 2**
Makinig ka sa ministro, kapatid. Palitan natin.

**AMBET**
Ayoko!

**KLIYENTE 2**
PALITAN MO!

*Saktong paglabas ni NATO mula sa CR.*

**NATO**
Ministro? Ano pong problema natin?

**KLIYENTE 2/AMBET**
*(sabay)* Ayaw sundin ng kaibigan mo ang mga rebisyon ng ministro ng ebanghelyo. / Gusto niyang baguhin ‘yung sinulat ko. Gusto niyang magsinungaling ako.

**NATO**
Ambet naman. Kliyente natin si ministro.

**AMBET**
Kliyente lang siya, tayo ang may-ari ng website. Kaya may say ako kung ano ang lalabas do’n.

**NATO**
Sira ulo ka ba? Hindi natin makukuha ‘yung full payment kung hindi natin siya susundin.

**AMBET**
Wala na ’kong pakialam kung magbabayad siya o hindi.

**NATO**
Ako meron!

**AMBET**
E di ikaw ang magrevise!

**KLIYENTE 2**
Kapatid, sa ginagawa mong ‘yan, hindi ka maliligtas sa poot ng Ama.

**NATO**
Ambet, kanina pa ko nagtitimpi sa kagaguhan mo ha.

**AMBET**
Kanina mo pa rin ako hindi iniintindi. Sinabi nang ayoko na ng maduming trabaho.

**NATO**
‘Tang ina naman, ’tol. Ang labo ng trip mo eh! Ano ba’ng tingin mo sa sarili mo? Bayani? Santo?!

**AMBET**
Basta ayoko nang manloko ng tao!

**KLIYENTE 2**
Kung ‘yun ang hangad mo, umanib ka sa amin at ipagpatuloy ang mga Gawain ni Elias.

**AMBET**
Ba’t ako sasama sa ministrong gumagawa ng kuwento para pagtakpan ang isyu ng samahan niyo?

**KLIYENTE 2**
Sinasabi ko sa’yo, kapatid, mananagot ka sa Ama!

**NATO**
Sumosobra ka na, Ambet! Kung gusto mong magpaka-righteous, ‘wag mong idamay ang negosyo ko!

**AMBET**
Negosyo NATIN! May ownership din ako sa dikasure.com.

**NATO**
Puwes panindigan mo ‘yang ownership mo! Umayos ka at gawin mo’ng trabaho mo.

**KLIYENTE 2**
Tapusin mo ang iyong takbuhin, kapatid. Hawakan mo nang buong giting ang pananagutan mo sa Ama. *(mariing pipikit, nasa ibabaw ng dibdib ang mga kamay)* Dakilang Diyos, nawa po ay mapuspos ng liwanag ang hinirang mong anak. Matanto nawa niya na ang kanyang talent ay maaaring magsilbing sulo sa dilim ng gabi. Patuloy nawa siyang magpunyagi upang makamtan niya ang kaligtasan. *(saglit, didilat)* Mga kapatid, mauuna na 'ko. Tiyakin ninyong bukas ay tapos na ang rebisyon ng teksto.

*Lalakad paalis si KLIYENTE 2.*

**AMBET**
Ayoko na, Nato.

**NATO**
Madedemanda ka ng breach of contract, gago.

**AMBET**
*(ipapakita ang mga naipong kontrata)* Isang palito ng posporo lang ang katapat ng mga kontrata mo.

*Saglit na matatahimik ang lahat.*

**NATO**
Sa lahat ng matalino, ikaw ang bobo. Kahit sunugin mo 'yan, may kopya pa rin ang mga kliyente.

*Hindi makakaimik si AMBET. Maririnig ang FB notification sa laptop ni NATO. Lalapit si NATO sa laptop.*

**NATO**
Putang ina, Ambet! Tingnan mo! Mocha Latte Official likes dikasure.com! Ni-like ni THE MOCHA LATTE ang page natin! Lamang na tayo ng isang like kay Jessica Soho! 'Tang ina ang suryal!

**AMBET**
Sure ka ba na si Mocha Latte nga 'yan?

**NATO**
Oo, ’tol! Ayan oh, nakalagay sa profile niya. . . salary grade 29!

**AMBET**
Naniwala ka naman agad. Baka symbolism lang ’yan.

**NATO**
Gago! Si Mocha Latte ’yan. Tingnan mo ’yung profile picture. Di ba singit ni Mocha Latte ’yan? At itong status niya, oh. “Ginagamit po ng ilang mga tao itong maliit na issue sa award para pagtakpan ’yung nagyayaring pag-aalburuto ng Mayong Bulkan sa Naga.”

**AMBET**
Patingin nga. *(kukunin ang laptop)* Fuck, oo nga!

**NATO**
Nakanampakshet! Puputaktihin lalo tayo ng likers dahil dito. Ipa-follow na rin tayo ng mga supporter ni Duterte. Ang bangis natin, ’tol!

*Habang nagre-rejoice si NATO ay parang magkakaroon ng mapait na eureka moment si AMBET.*

**AMBET**
’Tang ina, Nato. This must be a sign.

**NATO**
Anong sign?!

**AMBET**
’Yung pag-like ni Mocha Latte sa page natin ang ultimate sign na dapat na tayong tumigil.

**NATO**
Naririnig mo ba’ng sarili mo?!

**AMBET**
Nato, masamang pangitain ‘to! Mismong ang reyna ng fake news na ang naniniwala sa mga kagaya nating bogus!

*Itutulak ni NATO si AMBET, totoong galit na.*

**NATO**
Ikaw ang magtigil! Gago! Nauulol ka na yata talaga!

**AMBET**
Hindi ito ang gusto ko!

**NATO**
Kung gusto natin ang nasunod, malamang baon na tayo sa utang kung kani-kanino. Ambet, nalimutan mo na ba kung bakit natin naisip i-launch ang website?

**AMBET**
Para yumaman?

**NATO**
Gago! Kasi gusto natin magsulat. Gusto nating mabasa ng iba ’yung mga gawa natin. Sabi mo pa, “Fuck Visprint! Fuck Psicom! Fuck Anvil! Kung ayaw nila tayong i-publish, mag-publish tayo on our own!” Ito na ‘yun, ’tol. Nagagawa na natin. Well, salamat na rin sa husay ko sa computer programming. Di ba dapat happy ka?

**AMBET**
Hindi ko sinabing hindi ako masaya. Sabi ko, naba-bother ako, nagi-guilty.

**NATO**
Isipin mo rin kasi ’yung other side of the coin. Gusto rin naman ng mga followers natin ‘yung nababasa nila. Tanda mo, bentang benta ‘yung isinulat nating love story ni Judy Taguiwalo. Kinuwento natin na nagmahal siya nang totoo at hindi siya basta na-ano lang. Ang saya-saya mo no’n dahil feeling mo, ang dami na nating fans. *(saglit)* Ang dami pa nating gustong isulat.

**AMBET**
May ibang paraan pa naman para maging writer.

**NATO**
Ano, babalik tayo sa pagpoproduce ng chapbook? Magsusulat tayo sa Wattpad?

**AMBET**
Why not?

**NATO**
Neknek mo! Kundi Wattpad, ano? Magvideo na rin tayo ng makalaslas pulsong tula?

**AMBET**
Kaya rin natin 'yun.

**NATO**
Gago! Ayoko nga kay Sara at Phil Kaye, di ba?

**AMBET**
Sumubok ulit tayo sa publication. Mas magaling naman na tayo ngayon.

**NATO**
At di hamak na mas marami tayong kikitain dito sa dikasure.com kesa sa pagpapa-publish sa Liwayway at sa mga textbook ng Vibal.

**AMBET**
Eh di magpasa tayo sa mga anthology. Sisiw na 'yun sa'tin.

**NATO**
Five hundred pesos at shout out lang ang mapapala mo do'n.

**AMBET**
Pera-pera na lang ba talaga tayo?

**NATO**
Siyempre hindi. Alam mo naman kung ano ang value sa'kin ng website natin. Sige, I admit, nakakapagluho na 'ko ngayon dahil may income na. Pero higit do'n, nakakagawa

ako ng isang bagay na ikaka-proud ng parents ko. College pa lang tayo, utang-uta ka na sa hang-ups kong ‘to. Tapos ngayon na okay na, ipagdadamot mo naman bigla?

*Mapapahiyaw si AMBET sa frustration kasabay ng paghagis sa hawak na mga kontrata.*

**AMBET**
Ang sama-sama natin, Nato. Mas masahol pa tayo kay Mocha!

**NATO**
May mas masama pa sa’tin. Tandaan mo ‘yan.

**AMBET**
Bakit tayo papayag na maging kagaya nila?

**NATO**
Dahil ayaw nating matulad sa iba na pinili ngang maging tama, wala namang laman ang bulsa.

**AMBET**
Di ka ba natatakot sa karma?

**NATO**
‘Tang ina, tol, totoong buhay ‘to. Hindi pelikula ni Kris Aquino.

*Magriring ang cellphone ni AMBET. Saglit niyang tititigan ang screen ng telepono, tapos ay ika-cancel ang tawag. Saglit silang di mag-iimikan. Iiikot ni AMBET ang paningin sa paligid.*

**NATO**
Gising-gising, ’tol. Walang future sa ‘tang inang “serve the people”.

**AMBET**
Gising na ’ko, Nato. Tapos na ’ko.

*Lalabas si AMBET. Matatameme si NATO, hindi makapaniwala sa naging takbo ng usapan. Iinom sana siya ng gatas pero ubos na. Pupulutin niya ang mga nagkalat na papel. Maya-maya, maririnig niya ang mga boses mula sa labas.*

**LALAKI**
*(off stage)* 'Wag mo nang subukang manlaban. Pasok! Dali!

**AMBET**
*(off stage)* Saglit lang, boss, ma'am. Wala akong atraso sa inyo.

**LALAKI**
*(off stage)* Buksan mo'ng pinto!

*Bubuksan ni AMBET ang pinto. Nakatutok sa kanya ang baril ng LALAKI. Gulat na mapapaatras si NATO.*

**NATO**
Hoy, trespassing kayo!

*Papasok si KLIYENTE 3. Magtatanggal ng eyeglasses at nakatalukbong na shaul sa mukha. Secretary siya ni Imee Marcos. Sexy ang bihis, may dalang malaking signature bag.*

**KLIYENTE 3**
*(ila-lock ang pinto)* Chill lang kayo, mga pogi. Wala kaming balak na masama.

**AMBET**
Anong wala?! E may baril 'tong alalay mo.

**KLIYENTE 3**
For security purposes. *(titingnan sina NATO at AMBET from head to toe)* So, you're Nato and Ambet of dikasure.com?

**NATO/AMBET**
*(sabay)* Oo. / Hindi!

**KLIYENTE 3**
Oh, I thought you're an amazing pair. Bakit walang unity? *(saglit)* Anyway, let me get straight to the point at may next appointment pa 'ko. You know me naman siguro. Ako ang secretary ni Congresswoman Jaimee ng Ilocos. I've heard, 'yung website ninyo ang pinakamaingay ngayon sa social media. Obvious naman siguro, I want you to write something for me.

**AMBET**
Sarado na kami! Bankrupt!

**LALAKI**
Pag di ka tumigil, ‘yung bibig mo ang isasara ko!

**KLIYENTE 3**
Calm down, guys. No need for violence. *(sopistikadang uupo)* Mabilis lang naman ‘to, boys. Kagagaling ko lang kasi sa theatre. I tried to watch that chipipay festival of Martial Law plays. My god, I had to disguise pa nga para makanood. Tapos ang crappy naman no’ng show. And I was so shocked! They fabricated stories na makakasira sa image ng family ni Congresswoman. Worst, the hashtag never again is trending worldwide as we speak because of that stupid production.

**AMBET**
Buti nga sa inyo!

*Ilalapit ng LALAKI ang baril sa mukha ni AMBET.*

**KLIYENTE 3**
Now, I want you to write an article stating how great and how noble the former president was. And since it’s an urgent job, nag-prepare na ’ko ng outline. *(kukuhanin ang USB sa bag, iaabot kay NATO)* Nandiyan sa USB ang file. Just follow that. *(kukuhanin sa bag ang nga Ilocos goods)* Nagdala na rin ako ng longganisa, bagnet, at chichacorn, poque-poque, at kabatiti. Specially made for you para ganahan kayong mag-work. Do it quick ha, then ibibigay ko rin ang cheke ora mismo. Teka, may Ilokano ba sa inyo?

*Hindi iimik sina AMBET at NATO.*

**LALAKI**
Tinatanong kayo ni Madam!

**KLIYENTE 3**
Adda Ilokano kada kayo nga duwa? [May Ilokano ba sa inyong dalawa?]

**NATO**
Siyak, Ilokano ak. [Ako po.] Taga-Batac ang tatay ko.

**KLIYENTE 3**
Mahusay, Nato! At least I know I have your loyalty. Nowadays kasi, nagkalat na ang mga traydor. *(saglit)* Oh, dali. Sulat na!

*Puwersahang iuupo ng LALAKI sa harap ng iisang laptop sina AMBET at NATO. Magtitinginan sila, magpapakiramdaman.*

**KLIYENTE 3**
Kaya ba in 30 minutes? Max?

**LALAKI**
Kilos!

*Bubuksan ni NATO ang file sa USB. Babasahin niya ang outline tapos ay magsisimulang mag-type.*

**AMBET**
Nato, may kasunduan tayo.

**NATO**
*(naka-focus lang sa screen)* Ayaw mo na sa dikasure.com, di ba?

**AMBET**
Lalabas pa rin diyan ang pangalan ko.

**NATO**
Pangalan o buhay mo? Mamili ka.

**AMBET**
'Tang ina! Alam mo'ng tawag dito, Nato? KARMA!

**NATO**
Imbes na dumadada ka diyan, tumulong ka na lang.

**AMBET**
Ayokong itakwil ng lolo't lola ko mula sa hukay.

**NATO**
Eh di samahan mo na lang sila, gago.

**KLIYENTE 3**
Okay na?

**LALAKI**
*(sisilipin ang laptop)* Nakakaanim na linya pa lang, Madam.

*Tutunog ang cellphone ni AMBET, dalawang magkasunod na text.*

**KLIYENTE 3**
Is that mine? Baka hinahanap na ko ni Sir Bonget. Magbabantay pa kami sa recount.

**LALAKI**
Hindi, Madam. Cellphone nitong ayaw magsulat.

**KLIYENTE 3**
*(lalapitan si AMBET)* Naku, abala talaga sa trabaho 'yang gadget eh.

**LALAKI**
Sa bulsa ng short, Madam.

*Akmang dudukutin ni KLIYENTE 3 ang cellphone, papalag si AMBET.*

**LALAKI**
Isang kibot mo pa, tutuluyan na kita!

**KLIYENTE 3**
Give it to me na. Ibabalik ko rin mamaya.

*Bantulot na ibibigay ni AMBET ang cellphone. Tutunog ulit, isa pang text.*

**KLIYENTE 3**
Mukhang may urgent concern 'yung katext mo ha. Ang kulit. Hmmm, wait. Let me check it for you. I'll just read na lang.

**AMBET**
‘Wag mong pakialaman ‘yan!

**KLIYENTE 3**
Sssh. Nagko-concentrate ’yung friend mo oh. *(kakalikutin ang cellphone ni AMBET)*

**AMBET**
‘Tang ina, sinabi nang ‘wag eh!

**KLIYENTE 3**
Oh, anonymous sender. Sabi niya, “Nasa’n ka na? Akala ko ba saglit ka lang diyan? Paubos na foods. Dito na ’yung kontrata mo. Aprub na ‘yung gusto mong sahod at publication grant.” UYY! Good news ito ha! *(itutuloy ang pagbabasa)* “Dito na rin si boss Teody. Intay ka. Papainom yata. Pa-welcome sa’yo sa sulatingbayan.com.”

*Nanginginig sa galit na titingnan ni NATO si AMBET. Halos lumubog naman sa lupa si AMBET.*

**KLIYENTE 3**
Oh, dali! May naghihintay pala sa’yong inuman. Pero later mo na replyan ha. Finish that first.

**NATO**
*(ibabalik ang tingin sa screen)* Putang ina ka! Traydor! Sinungaling kang hayop ka!

**AMBET**
Sasabihin ko din naman sa’yo, Nato.

**NATO**
May nalalaman ka pang guilty, ‘tang ina ka. Di ko alam na magaling ka palang umarte.

**AMBET**
Hindi ko pa naman—

**NATO**
‘Kala mo kung sino kang malinis! Traydor ka. Ako mismong babaril sa’yo! ‘Tang ina ka!

**KLIYENTE 3**
Boys, later na kayo mag-away, please. Can I hear the first paragraph muna?

*Hindi iimik ang dalawa.*

**KLIYENTE 3**
Kabagis, mabalin nga basaem ti umuna nga paragraph. [Kabayan, parinig no'ng first paragraph, please.]

**LALAKI**
Hoy! Mga bingi ba kayo?!

*Aagawin ni NATO ang baril ng LALAKI. Itututok niya ito kay AMBET.*

**NATO**
Hayop ka, Ambet! Ni sa panaginip hindi ko naisip na magagawa mo sa'kin 'to!

**LALAKI**
Ibalik mo sa'kin 'yan, bata! Hindi 'yan laruan.

*Itututok ni NATO ang baril kay KLIYENTE 3. Mapapasigaw si KLIYENTE 3.*

**KLIYENTE 3**
Ukinnam! *(lalapit sa laptop)* Nai-save n'yo ba 'tong sinusulat n'yo? Control S! Control S!

**NATO**
*(tututukan ng baril ang LALAKI)* Lumayas na kayo kung ayaw n'yong madamay!

**KLIYENTE 3**
Hindi ako aalis hangga't hindi n'yo natatapos ang pinapasulat ko. So please, kumalma kayo. Mga ungas!

**AMBET**
'Tol, hindi natin kailangan umabot sa ganito.

**NATO**
Walang ganito kundi mo ko tinarantado, gago! Gagawa ka pa ng kuwento na napapanaginipan mo sina Ninoy at Cory. Ang galing mo talagang writer, e.

**AMBET**
Walang imbento sa mga sinabi ko sa'yo. Totoong ni-rei gun ako ni Ninoy!

**KLIYENTE 3**
Weh? Anong itsura nila sa panaginip mo?

**AMBET**
Kulay dilawan!

**NATO**
Sira ulo! Sa lahat ng fake news ikaw ang pinaka-fake! *(itututok kay AMBET ang baril)* Pa'no mo nasikmurang ipagpalit ang kaibigan sa kuwarta? 'Tang ina! Akala ko kilala kita.

**AMBET**
'Tol, pag-usapan natin, please.

**NATO**
'Wag mo kong tawaging 'tol, hayop ka! Mas masahol ka pa sa mga amo ng babaeng 'to!

**KLIYENTE 3**
Hoy! Hindi ko gusto ang tabas ng dila mo, pogi.

*May makukuhang gunting sa mesa ang LALAKI. Itututok niya ito sa leeg ni AMBET.*

**LALAKI**
Putang ina ka, ibaba mo 'yan kundi gigripuhan ko 'tong kaibigan mo!

**NATO**
E di gripuhan mo, gago! Wala akong kaibigan na ipinagbibili ang kaluluwa!

**KLIYENTE 3**
*(hahampasin ng bag ang LALAKI)* ‘Wag ka na ngang makisawsaw! Pag ‘yan nadali mo, pati tayo makakalaboso.

*Papakawalan ng LALAKI si AMBET.*

**AMBET**
Nato, hindi naman kita iiwan sa ere. Kapag nando’n na ’ko, puwedeng pwede kitang kunin. Magkakatrabaho pa rin tayo.

**NATO**
‘Tang ina! Anong klaseng logic meron ka? ‘Kala ko ba matalino ka?!

**AMBET**
Matutulungan tayo ni Sir Teody. Marami silang inaalok na perks. Makikinabang ka rin.

**NATO**
Perks?! Nasilaw ka sa perks?! Naisip mo ba na may mga kliyente kang tatakbuhan? Na bago mo pa maenjoy ‘yang ipinagmamalaki mong perks, malamang sa malamang naipapatay ka na nila!

**KLIYENTE 3**
*(kay AMBET)* Makinig ka sa kanya! Gunggong! Puwede ba, itigil n’yo na ang bangayan dahil sayang ang oras!

**NATO**
*(kay KLIYENTE 3)* Itikom mo ‘yang bunganga mo!

**KLIYENTE 3**
Ingrato! Kakampi mo nga ako, di ba?!

**AMBET**
O sige! Iputok mo! Iputok mo para magkaalaman na kung sino sa’tin ang traydor.

**LALAKI**
Bata, kung babarilin mo, barilin mo na. Ang dami mong satsat!

**NATO**
'Wag kang atat!

**LALAKI**
Kalabitin mo na!

**NATO**
Ikaw ang humingi nito, Ambet. Kung ilalaglag mo 'ko, sisiguraduhin kong isasama kita.

*Ipuputok na sana ni NATO ang baril pero agad siyang madadamba ng LALAKI. Maaagaw ng LALAKI ang baril.*

**LALAKI**
*(itututok kay NATO ang baril)* Putang ama ka! Mas madaldal ka pa kay Cristy Fermin!

**KLIYENTE 3**
*(hahampasin ng bag ang LALAKI)* Sinabi nang tama na 'yang barilan! Wala tayo sa Marawi! Magsulat na kayo!

*Tatakbo si NATO papunta sa pinto pero agad na magpapaputok ang LALAKI. Matitigilan ang lahat. Halatang tinablan ng takot sina NATO at AMBET. Hindi sila makakilos.*

**KLIYENTE 3**
UKI TI INAM! Hindi ka ba marunong umintindi?!

**LALAKI**
*(lalapitan sina NATO at AMBET)* Pupuruhan ko'ng bumbunan n'yo kapag hindi kayo pumirmi! Dali! Kilos!

*Magtitinginan sina AMBET at NATO. Wala na silang kawala. Babalik sila sa mesa. Ihaharap ni KLIYENTE 3 kay NATO ang laptop.*

**KLIYENTE 3**
Nasa'n na nga ba tayo?

**LALAKI**
First paragraph, Madam.

**KLIYENTE 3**
Ah, yeah. First paragraph. Parinig nga.

**NATO**
*(napipiyok-piyok na babasahin ang isinulat)* Ang panunungkulan ni Ferdinand E. Marcos bilang pangulo ng Pilipinas ay maringal na panahon ng kapayapaan, kasaganaan, at kaunlaran. Saksi rito ang mga magsasakang tumanggap ng di matatawarang suporta ng pamahalaan. Ang mga kabataang nakatamo ng mataas na uri at antas ng edukasyon. Ang mga manggagawang kultural na namayagpag dahil sa masikhay na pagsusulong sa sining. Sa ilalim ng—

**KLIYENTE 3**
Wait. Kulang 'yung fourth sentence. Masikhay na pagsusulong ng sining NI IMELDA MARCOS. Insert that, okay? *(tatango si NATO)* Oh, continue. Ikaw naman ang magbasa, Ambet.

*Unti-unting magdidilim ang entablado habang nagbabasa si AMBET.*

**AMBET**
Sa ilalim ng rehimeng Marcos, dinakila ang Pilipinas hindi lamang sa Asya kundi sa buong mundo. Bawat Pilipino ay nakasandig sa pangakong bukas ng pagtatatag ng isang bagong lipunan. . .